Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7i4

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 13, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 111-T'07

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY-KARAPATAN SA KGG. PANG. PUNONG BAYAN ALAN T. PAMATMAT NA LUMAGDA SA MGA DOKUMENTO O PAPELES NG TANGGAPAN NG PANG. PUNONG BAYAN AT SANGGUNIANG BAYAN NA MAY KINALAMAN SA PAGLALAGAK AT PAGLALABAS NG PANANALAPI NG BAYAN SA LAND BANK OF THE PHILIPPINES NA ITINALAGANG BANGKO NG PAMAHALAAN.**

**SAPAGKA'T**, isinaalang-alang ng pamahalaang bayan ang pananagutan nitong mabayaran ang mga gastusin sa mga gawaing nauukol sa pamamahala at pagpapatakbo ng mga serbisyong makatutugon sa pangangailangan ng Tanggapan ng Pang. Punong Bayan at Sangguniang Bayan.

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaloob ng kapangyarihan sa kaukulang pinuno ng pamahalaang bayan ay kinakailangan sa paglagda sa mga dokumento at papeles na may kinalaman sa paglalagak at paglalabas ng pananapi ng bayan;

**SAPAGKA'T**, ang Kgg. Alan T. Pamatmat, halal na Pang. Punong Bayan ay itinalaga sa araw ng Hulyo 1, 2007, bilang Pang. Punong Bayan ng Santa Cruz, Laguna;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jun A. Asinas at Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Bigyan ng karapatan ang Kgg. Pang. Punong Bayan Alan T. Pamatmat na lumagda sa mga dokumento o papeles ng Tanggapan ng Pang. Punong Bayan at Sangguniang Bayan na may kinalaman sa paglalagak at paglalabas ng pananalapi ng bayan sa Land Bank of the Philippines na itinalagang bangko ng pamahalaan tungo sa kaayusan ng paglilingkuran.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng ka pasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Land Bank of the Philippines, Santa Cruz, Laguna branch, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan



8/15